

EKO-Naratibo sa Panitikang Bayan sa Surigao Hinggil sa Konserbasyon at Rehabilitasyon sa Kalikasan

Navarro, Karmela Kaye J., Escultor, Gemma R
Surigao Del Norte State University, Philippines

Abstract: *Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang representasyon ng kalikasan sa panitikang Surigaonon, na nakatuon sa paggamit ng eko-naratibo bilang pangunahing pamamaraan ng pagsusuri. Ang eko-naratibo ay isang anyo ng pagsasalaysay na nagbibigay-diin sa mga isyu kaugnay ng kalikasan, kapaligiran, at ekolohiya. Sa konteksto ng Surigao, ang mga kuwentong-bayan at akdang pampanitikan ay naglalaman ng mga naratibong nagpapakita ng malalim na koneksyon ng mga tao sa kanilang kapaligiran, na siyang nagtatampok ng mga tradisyonal na pananaw at kaugalian sa pangangalaga sa kalikasan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga akdang ito, layunin ng pag-aaral na maipakita ang kahalagahan ng eko-naratibo bilang isang instrumento ng kamalayan at edukasyon, na maaaring magamit upang mapalakas ang kamalayan sa kalikasan at pagpapahalaga sa likas na yaman ng rehiyon. Ipinapakita rin ng pag-aaral kung paano nagiging mahalagang bahagi ng kultura at identidad ng mga Surigaonon ang kanilang mga kwento at panitikan, na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at responsableng pangangalaga sa kalikasan*

Susing Salita: Panitikan, Eko-naratibo, Kalikasan, Surigaonon, Kultura

KABANATA 1 PANIMULA

Ang ekolohiya at panitikan ay nagtaglay ng malalim na ugnayan sa pamamagitan ng pag-aaral ng pagsusuri at representasyon ng kalikasan sa akda. Ang panitikan ay isang paraan ng pagsusuri at pagsasalaysay ng mga karanasan ng tao sa kanyang kapaligiran, kaya't maaari itong maging daan upang iparating ang mga mahahalagang mensahe ukol sa pangangalaga sa kalikasan.

Bawat tribu at komunidad ay may mga kuwento at aklat na nagsasalaysay tungkol sa kalikasan at kung gaano ito kahalaga. Ang mga kuwentong ito ay nakatutulong upang mapalakas ang kanilang kultura. Ipinapakita rin nila kung gaano kahalaga ang espesyal na koneksyon ng mga tao sa kalikasan at sa isa't isa.

Ang eko-naratibo ay isang anyo ng pagsasalaysay na nakatuon sa mga aspeto ng kalikasan, kapaligiran, at isyu ukol sa ekolohiya. Ito ay naglalaman ng mga kuwento na naglalarawan at nagbibigay-diin sa mga suliranin kaugnay ng kalikasan, pagbabago ng klima at iba pang environmental na aspeto. Ito ay naglalayong magtaglay ng mensahe o aral hinggil sa pangangalaga sa kalikasan at ang papel ng tao sa pangangalaga.

Sa lugar ng Surigao, maraming aklat at kuwento tungkol sa kalikasan. Ito'y naglalahad kung paano namuhay ang mga tao sa isang lugar na napapalibutan ng mga lawa, burol, kagubatan, at mga ilog. Ang mga kuwento rin ay nagsasalaysay tungkol sa mainit na sikat ng araw, ulan, at hangin na nagpapabuhay-sigla at nagbibigay kulay sa buhay. Lubos na pinahahalagahan at inaalagaan ng mga tao sa lugar ang kanilang lupa at tradisyon.

Sa konteksto ng pangangalaga sa kalikasan, ito ay maaaring maglaman ng mga regulasyon at prinsipyong naglalayong mapanatili ang ecological balance at maprotektahan ang kalikasan mula sa posibleng pinsala dulot ng tao o iba't ibang gawain. Makakapagbigay ito ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kalikasan bilang isang likas na yaman at bilang isang bahagi ng ating pagkakakilanlan at kabuuan ng ating pagkatao. Ang pagpapahalaga sa kalikasan ay hindi lamang isang obligasyon; ito ay nagtutulak sa atin na maging mahinahon at responsableng tagapamahala ng ating kapaligiran.

Ang pag-aaral na ito ay upang maunawaan ang kahalagahan ng kultura ng Surigaonon sa konteksto ng kanilang relasyon sa kalikasan. Isa dito ay maaaring maging pagpapahalaga ng edukasyon at kamalayan tungkol sa mga isyu ng

kalikasan at makapag-ambag sa pagpapabuti ng kamalayan ng mga tao ukol sa pangangalaga sa kalikasan sa pamamagitan ng pag-aaral ng panitikan. Sa pangkalahatan, ang layunin ng pananaliksik na ito ay maipakita ang kahalagahan ng eko-naratibo bilang isang instrumento ng pagsusuri at pagtampok ng pagpapahalaga sa kalikasan.

Suring-basa ng mga Literatura

Sa bahaging ito ay napapaloob ang mga kaugnay na literatura. Ang mga nasabing kaisipan o ideya at mga impormasyong nailalahad ay nagsisilbing gabay sa pagpapalawak ng mga ilang konseptong nais ipahiwatig na ginawang pag-aaralng mananaliksik.

Pagpapakahulugan sa Ekolohiya

Ang pangangalaga sa kapaligiran ay isa sa pinakamalaking problemang kinakaharap natin ngayon at talagang mahalaga para sa atin na gawin ang ating parte bilang mamamayan. Ang kapaligiran ay apektado ng mga bagay tulad ng labis na pag-aaksaya, pagputol ng mga puno, at labis na pagpapalit ng lupa.

Ayon kay White (2015) may problema sa mundo na pumipinsala sa kinabukasan ng mga tao. Ang problemang ito ay lumala dahil ang mga tao ay nagsisimulang maniwala sa mga bagay na hindi totoo at sila ay masyadong nakatuon sa paggawa ng pera at hindi sapat sa kanilang kultura at mga halaga.

Ang mga katutubong panitikan, tulad ng mga kanta at kwento, ay may mga espesyal na ideya tungkol sa kalikasan na tinatawag na "eco-values". Itinuturo nito sa atin kung paano natin dapat pangalagaan ang kapaligiran at kung ano ang ating pinaniniwalaan tungkol sa kalikasan. Sa isang pag-aaral na tinatawag na "When Gods Cry: Exploring Environmental Crisis Through Literature Inspired by the Indigenous People's Experience" ay tiningnan ni Jorolan-Quintero (2013) kung ano ang nararamdaman ng mga katutubo mula sa Mindanao sa kapaligiran. Gumamit sila ng mga kwento at libro upang malaman ang tungkol sa kanilang mahalagang koneksyon sa kalikasan.

Panitikang Surigaonon

Ang probinsya ng Surigao ay may maraming kuwentong-bayan, kabilang dito ang mga mito, pabula, at kababalaghan, alamat, at pabula. May ibang mga kuwentong-bayan ang nalathala na at ang ang iba ay nananatili pa ring pasalitang panitikan hanggang sa ngayon. Maraming tao ang naniniwala na ang mga kuwentong Surigaonon ay naging bahagi ng kanilang pamumuhay. Sa pag-aaral nina Silva at Tehrani (2016) na ang mga kuwento ay hindi diretsang paglipat ng mga ninuno sa mga tagapagmana kundi ang mga ito ay nagpasalin-salin sa iba dahil sa pakikipag-usap, pakikipag-ugnayan, pangangalakal at mga layunin sa buhay.

Bilang karagdagan, sinabi ni Sims (2005) na ang mga akdang pampanitikan ay maaaring gamitin bilang isang folklor, Ang unang bagay na dapat gawin upang lubos na maunawaan ang mga ito bilang mga buhay na tradisyon ay bigyang-pansin at nararanasan ng mga tao. Ang lahat ng mga mamamayang Pilipino ay dapat magkaroon ng kamalayan sa kanilang sariling saklaw.

Winika ni Kitayama (2005), na ang mga kuwentong-bayan ay may kinalaman sa mga tao at kultura. Higit pa rito, sinabi niya na ang mga salaysay na ito nagpasalin-salin sa mga tao mula pa noon. Bilang karagdagan, ang kuwentong-bayan ay isang kapaki-pakinabang na produkto ng kultura kapag sinusuri ang mga isyung may kinalaman sa tao at kung paano niya ito malulutas. Ang kuwentong-bayan ay bahagi ng kultura at tradisyon ng bawat mamamayan.

Sa artikulo ni Aputan (2013), mahalagang suriin ang ating sariling panitikan. Sa pamamagitan nito, makakakuha tayo ng kaalaman, pakiramdam, at kaalaman tungkol sa kung paano nag-ugat at namuhay ang ating mga ninuno. Sa tesis ni Weerasingher (2010), mahalaga ang papel ng kuwentong-bayan, upang mapabuti ang kakayahan ng tao na makisali sa iba.

Sa tesis ni Camar (2016), sa pag-aaral niya ng mga pagpapahalagang nakapaloob sa bawat kuwentong-bayan ng mga Cantilangnun, kung saan natuklasan na karamihan sa mga kuwentong-bayan ay kakikitaan ng pagpapahalaga sa tao na sinundan ng pagpapahalaga sa Diyos, kapaligiran, at bansa.

Natuklasan naman ni Yason (2012) sa kanyang pag-aaral na ang alamat ay karaniwang tumatalakay sa katutubong wika, tradisyon, kultura, o kapaligiran. Kasama na dito ang mga katangiang maganda tulad ng pagiging matapat, matapang, at matulungin.

Ayon kay Rushdie (2008), ang mga bata na maraming karanasan ay masisiyahan at maunawaan ang mga kwento. Ang iba't ibang uri ng mga kwento ay nakakatulong na ikonekta kung ano ang naranasan ng mga bata sa mga bagay na nangyayari sa kwento.

Pagpapakahuligan sa Ekokritisismo

Sa loob ng mahabang panahon, laging nababanggit sa iba't ibang anyo ng panitikan ang mga paksa na kaugnay sa kalikasan. Maraming tula, maikling kuwento, dula, at iba pang uri ng panitikan, maging pabigkas o pasulat, ang naglalarawan sa kahalagahan ng kalikasan at sa pagtutulongan ng mga nilalang sa tinatawag na "ecology." Gayunpaman, hindi ito madalas na napapansin sa pagsusuri ng mga kritiko. Mas binibigyan ng atensiyon ng mga pagsusuri sa panitikan ang ugnayan ng tao sa kanyang kapuwa o ang iba't ibang isyu sa lipunan tulad ng kasarian, uri ng lipunan, mga usapin ng moralidad, at iba pa.

Ayon kay Glotfelty (xviii), ang ecocriticism ay ang pag-aaral ng ugnayan ng panitikan at ang pisikal na kapaligiran. Ipinapakita nito kung paano iniuugma ang kalikasan sa isang akda o mga akda, kung paano nagbabago ang kaligiran sa paglipas ng oras, kung paano nakakatulong ang agham sa pagsusuri ng panitikan, at ang pagsasanib ng iba't ibang larangan tulad ng kasaysayan, pilosopiya, sikolohiya, kasaysayan ng sining, at etika sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan at diskursong pangkapaligiran (Garrard 3). Sa kabilang banda, ayon kay Bate (1991), nakasalalay sa kakayahan ng tao ang pagtugon sa mga babala tungkol sa pagkasira ng kalikasan. Ito ang pangunahing prinsipyo ng green studies.

Sa isa pang pagpapakahuligan ni Glotfelty (Branch 6) sa kanyang sanaysay na "Ano ang Ekokritisismo," binibigyang diin ang ugnayan ng kalikasan at kultura, lalo na ang mga kultural na artepaktong gaya ng wika at literatura. Ayon sa konsepto ng kultura, ang mga usaping pangkapaligiran tulad ng biosphere, hangin, tubig, halaman, at hayop [pati na ang tao] ay naging bahagi ng konteksto (Clark 4). Sa mga akdang ekokritikal, ang perspektiba ukol sa mga ideya ng pangkultura ay limitado sa karanasan ng mga tao sa isang partikular na lugar.

Ang teorya ng ekokritisismo ay nagmumula sa pangangailangang itaguyod at ipagtanggol laban sa iba't ibang panganib at problemang kinakaharap ng mga henerasyon kaugnay ng pagpapahalaga sa kahalagahan ng tinatawag na "kalikasan." Mahalaga na maunawaan ang likas na perspektiba ng mga tribu hinggil sa kalikasan, sapagkat ito ang naglalarawan kung paano at kung bakit mahalaga ang kalikasan.

Ang pilolohiya na mula sa wikang Ingles na *philology* na isang teorya kung saan nagbibigay ito ng paliwanag sa kahulugan ng mga salita at parirala batay sa kultura na nilalaman nito (Irving, 2012). Sinusuri nito ang mga salita at parirala na naglalaman ng mga kultural na kahulugang tinataglay ng mga Surigaonon.

Sa larangan ng eko-panitikan, ipinapahayag ang nakakasirang paraan ng ugnayan ng tao sa kalikasan na naglalaman ng babala hinggil sa malapit nang pagkasira nito. Ito ay nagtutugma sa konsepto ng Green Studies na ayon kay Barry (218), "The British ecological criticism, called it green studies which tends to be 'minatory' in tone, seeking to warn us of environmental risks emanating from human unethical interactions with nature." Hindi lamang ang pagkakaroon ng harmoniya sa pagitan ng tao at kalikasan ang itinatampok ng ekokritisismo. Sa anyo ng eko-kritisismong minatori, tinalakay din ang pagkasira ng kalikasan na dulot ng tao (Fenn 115).

Ang Eko-naratibo ay isang uri ng pagsulat na nag-uusap tungkol sa kalikasan. Gumagamit ito ng iba't ibang paraan upang hikayatin at ipaliwanag ang mga ideya tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran. Ang Ecolinguistics at ecocriticism ay tungkol sa pakikipag-usap at pagsusulat tungkol sa kung paano natin naiintindihan at nakikipag-ugnayan sa kapaligiran. Tinutulungan nila tayong malaman ang tungkol sa kung problema natin sa ating kaugnayan sa kalikasan at kung paano natin ito maaayos. Mahalagang isipin natin ang kapaligiran at magkaroon ng kamalayan sa kung ano ang alam natin, kung ano ang nagpapaisip sa atin nang kritikal, at kung ano ang gusto nating gawin para makatulong.

Sintesis. May pagkakatulad ang mga naunang pag-aaral sa nabanggit na pananaliksik sa dahilanang ito ay nagpapahayag sa kahulugan ng eko-naratibo, ekolohiya, paglalarawan ng ekokritisismo na isang pag-aaral ng ugnayan ng panitikan at kapaligiran.

Ang pagkakaiba lamang, ang pag-aaral na ito ay sa mga banggit na suring-basa na lugar na pinapahalagahan at anong ambag nito sa komunidad.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito na may pamagat na "Eko-Naratibo sa Panitikang Surigaonon: Pagpapahalaga sa Kalikasan," isinagawa ito upang matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

Ano-ano ang mga paksa ng mga eko-naratibo?

Ano-anong mga salita ang nagpapahiwatig ng kultural na kahulugan?

Paano nakatutulong sa pag-unawa sa pagbasa ang mga eko-naratibo sa asignaturang Filipino?

Anong kompetensi ng DepEd ang natutugunan ng kasalukuyang pag-aaral?

KABANATA 2 METODOLOHIYA

Nakapaloob sa bahaging ito ang disenyo ng pananaliksik, ang impormante na tumugon sa pag-aaral, instrumentong ginamit sa pananaliksik, pamamaraan sa pangangalap ng mga datos at mga pang-istatistika.

Disenyo

Ginamitan ng deskriptibong disenyo ang pag-aaral na ito sapagkat masusing inilalarawan at sinusuri dito ang mga eko-naratibo na nakalap ng mananaliksik mula sa mga impormanteng nagbahagi ng kanilang sariling karanasan at mga kuwento hinggil sa pangangalaga sa kalikasan. Ang mga nakalap na mga salaysay na ito ay isinalang sa isang balidasyon bago pa ito isalin sa wikang Filipino mula sa wikang Surigaonon gamit ang "Meaning-Based Translation" ni Larson (1984) na ang pinakamahalagang isalin ay ang diwa at hindi ang salita.

Impormante

Ang mga tagatugon sa pananaliksik na ito ay nais mapanayam ng mananaliksik ay ang mga piling manggagawa ng sektor ng DENR Surigao Del Norte, City ENRO, City Veterinary Office, kabilang ang ilang residente ng probinsya ng Surigao na may hanapbuhay kaugnay sa pangangalaga sa kalikasan. Bahagi rin ng pag-aaral ang lokal na opisyal ng Brgy. San Juan, Surigao City, at ang mga mag-aaral na nasa ika-walong baitang ng Surigao City National High School. Gumamit ang mananaliksik ng snowball sampling sa pagpili ng impormante. Sa paraang ito ng pananaliksik kung saan ang mga impormante ay napili batay sa mga *referral* mula sa mga unang impormante.

Kaligiran ng Pananaliksik


Sa panahon ng pag-aaral, isinagawa ang pagkalap ng mga salaysay na pumapaksa hinggil sa pangangalaga sa kalikasan sa lungsod ng Surigao. Makikita sa Figura 2 ang mga lokasyon na pinagganapan ng pananaliksik.

Ang ekolohiya ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng ugnayan ng tao sa kanyang paligid. Maituturing na itong bahagi ng kultura ng isang lugar ang pagpapahalaga sa kalikasan. Masasabi na may malalim na ugnayan ang mga Surigaonon sa kanyang kalikasan kung saan makikita ito sa identidad ng mga taong naninirahan dito. Ang mga dalubhasa na nangangalaga ng kalikasan ay nagsusulong ng mga programa at proyekto na nagdudulot ng mga pagbabagong nagaganap sa lungsod. Hanggang sa kasalukuyang panahon, patuloy pa rin ang pakikibaka sa pagprotekta at pangangalaga sa kalikasan ng mga opisina tulad ng Kagawaran ng Kapaligiran at Mga Likas na Kayamanan (DENR) at *Environment and Natural Resources Office* (ENRO).

Malaki ang maiaambag ng mga eko-naratibong sa panitikang Surigaonon na makapagbigay ng magandang aral sa mga Kabataang Surigaonon na pahalagahan at pangalagaan ang ating mga likas na yaman na malaki ang naitutulong sa pag-unlad. Ang mga ito ay sumasakop sa mga kagubatan, katubigan, mga hayop, maging ang biodiversity na dapat protektahan.

Ang mga eko-naratibong ito ay nagsisilbing mga akdang pampanitikan na magagamit ng mga guro para sa mga mag-aaral. Malaki ang naging tulong ng opisina ng Kagawaran ng Kapaligiran at Mga Likas na Kayamanan (DENR), Environment and Natural Resources Office (ENRO), opisina ng Veterinary at opisina ng Barangay San Juan para matugunan ang pag-aaral na ito.

Ayon sa Kagawaran ng Kapaligiran at Mga Likas na Kayamanan (DENR), ang Surigao ay isa lamang sa mga lugar sa Pilipinas na mayaman sa likas na yaman at may mataas na biodiversity. Ganoon pa man hindi maiiwasan na naaabuso rin ito at nagdudulot ng mga suliranin na nakakasira ng kalikasan.



Figur 2. Mapa ng Lungsod ng Surigao

Instrumento

Ang instrumentong ginamit ng mananaliksik ay ang panayam o interbyu sa natukoy na mga impormante sa probinsya ng Surigao. Gumamit ang mananaliksik ng gabay na mga tanong sa kanyang interbyu upang sagutin ng tagatugon.

Nakapanayam ng mananaliksik ang mga piling manggagawa ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman, City ENRO, City Veterinary Office, kabilang din ang residente ng lungsod ng Surigao na may hanapbuhay kaugnay sa pangangalaga sa kalikasan. Bahagi rin sa pag-aaral ang mga mag-aaral na nasa ika-walong baitang ng Surigao City National High School.

Sa panayam sa mga taong ito, isinalaysay nila ang kanilang karanasan na may kaugnayan sa kalikasan. Ibinahagi nila ang mga programa, *community service*, mga aktibidades na nilahukan kaugnay sa kanilang hanapbuhay. Sa mga datos na nakuha ng mananaliksik, nakabuo ng mga salaysay na pampanitikan na magagamit bilang babasahing magagamit sa mga mag-aaral ng Surigao City National High School.

Ginamit rin ang talatanungan sa anyong pagsusulit bilang instrumento upang matasa ang kahusayan sa pagbasa at antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral.

Etiko at Paraan sa Pangangalap ng mga Datos

Ang mga sumusunod na hakbang na isasagawa sa pag-aaral ng mananaliksik.

Una ay sumulat ng liham pahintulot ang mananaliksik sa mga ahensya o sektor ng lungsod upang pahintulutan sa gagawing panayam. Inihanda ang mga gabay na tanong ng mananaliksik upang mapagbigyan sa kanyang gagawing pakikipanayam sa mga impormanteng sangkot sa kanyang pag-aaral. Ang mga ito ay pinagtibay ng tagapayo ng mananaliksik.

Pangalawa, pagkatapos mapahintulutan ay isinagawa na ang pakikipanayam at ginamit ng mananaliksik ang kanyang binuong mga katanungan upang maging gabay niya sa kanyang panayam. Habang isinasagawa ang panayam, isinasasagawa ng *pagrecord* upang puwedeng itong ulitin at masiguro ang datos at usapan ng mananaliksik at

impormante. Pagkatapos ng panayam ay magkakaroon ng dokumento sa aktwal na pag-uusap kung saan ito ang pagkuha ng larawan pagkatapos ginanap ang interbyu.

Pangatlo, pagkatapos maisalaysay ng mga impormante ang kanyang mga karanasan, gagawin ng mananaliksik ang pag-transkripsyon sa isinalaysay ng impormante na dadaan naman sa isang balidasyon ng mga inimitahang Balideytors ng mananaliksik bago pa ito isalin sa wikang Filipino na ayon sa Meaning-based translation ni Larson.

Panghuli, isinagawa ng mananaliksik ang isang pagtatasa sa dalawang pangkat ng mag-aaral gamit ang mga eko-naratibong nasusulat sa wikang Sinurigaanon at wikang Filipino.

Kagamitang Istadistika

Matapos ang pagsusuri sa mga eko-naratibo, isinalang ito sa eksperimento sa pagpapahusay sa pagbasa at antas ng lebel sa komprehensiyon. Sinubukan ito dalawang seksyon sa ika-walong baitang sa hayskul ng Surigao City National Highschool.

Averaging at Frequency. Ito ay isang istadistikang angkop na ginamit upang masagot ang suliranin.

T-Test. Ginamit ang istadistikang ito upang malaman kung anong wika ang mas mataas ang anta pag-unawa ng mga mag-aaral.

KABANATA 3

MGA RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang mga sagot sa mga tanong na pinag-uusapan sa pananaliksik na ito ay inilalarawan at tinatalakay dito ayon sa pagkakaayos na pagkakahayan sa unang kabanata.

Mga Paksa ng Eko-naratibo

Ang unang suliranin ng pananaliksik na ito ay tungkol sa pag-alam sa mga paksa na nakapaloob sa mga salaysay na ibinahagi ng mga impormante sa mananaliksik. Ang mga datos hinggil dito ay makikita sa Talahanayan blg. 1.

Talahanayan 1. Mga paksa na kapaloob sa mga salaysay

EKO-NARATIBO BLG.	MGA PILING BAHAGI NG SALAYSAY	PAKSA
1	“Umabot na ako ng dalawampu’t dalawang taon serbisyo sa DENR kung saan maraming na akong karanasan na may kaugnayan sa pangangalaga ng ating kalikasan. Sa kasalukuyan nakatalaga ako sa Conservation and Development Section kung saan ito ay gumagawa ng higit pa sa isang simpleng gawain dahil, gaya ng sinabi ko, kasama ang pag-aalaga, pagpapabuti, at rehabilitasyon sa trabaho ko.”	Kahalagahan ng konserbasyon at rehabilitasyon ng kalikasan
2	“Ang pagtatanim ay tumatagal ng tatlo hanggang apat na taon, at kahit na ang mga puno ay hindi pa ganap na lumalaki, maaari pa rin silang mamatay dahil sa mga taong sumisira nito, kaya kahit na ang mga punong ito ay malalaki na, maaari pa rin silang sirain at ilagay sa panganib. Dahil dito, nakikipag-usap kami sa iba pang mga stakeholder na magtulungan upang mapanatili ang kaligtasan.”	Pagpapahalaga sa ating kagubatan at kakahuyan
3	“May mga panahon na naiimitahan kami ng ilang eskwelahan dito sa ating lungsod na makapagsagawa ng Info-Drive. Ito ang isa sa pinakagusto ko sa aking trabaho, ang magbigay ng edukasyon at impormasyon sa komunidad, sa mga bata, maging sa Kabataan. Nagiging masaya ako dahil nakapagbabahagi ako ng aking kaalaman at adbokasiya sa komunidad sa paraang makakatulong sa kanila na mas maunawaan at makapagpahayag ng kanilang sarili.”	Kahalagahan ng pagbibigay ng edukasyon sa komunidad at kabataan hinggil sa pangangalaga sa kalikasan
4	“Sa dagat, inaalam rin natin ang mga lugar kung saan sila naninirahan	kahalagahan ng pagtutok

	upang matiyak ang patuloy na pagsilang nito tulad ng mga pook kung saan naglalagak ang mga dugong at pawikan ng kanilang itlog. Ang mga lokal na lugar na ito ay kinikilala upang mabigyan ng proteksyon. Nagsasagawa din tayo ng mga pagsisiyasat sa mga hayop na unti-unti nang nawawala na.”	at pangangalaga sa mga natatanging habitat at espesyal na mga hayop
5	“Ang Republic Act 11038 ay nagbibigay-diin sa mga lugar na protektado. Ano ang ibig sabihin ng batas na ito? Ang "Expanded National Integrated Protected Areas System (E-NIPAS) Act of 2018" ay isang batas na naglalayong pahasayin ang proteksyon ng mga lugar sa Pilipinas. Bilang karagdagan, ang layunin ay mas mapangalagaan ang biodiversity sa mga lugar na protektado sa bansa sa pamamagitan ng mas mahusay na mga sistema ng proteksyon. Inaasahan na ang mga natural na yaman ng Pilipinas ay mapanatili para sa mga susunod na henerasyon.”	Pagpapahalaga at pagsunod sa idineklarang batas
6	“May mga panahon na naiimbitahan kami ng ilang eskwelahan dito sa ating lungsod na makapagsagawa ng Info-Drive. Ito ang isa sa pinakagusto ko sa aking trabaho, ang magbigay ng edukasyon at impormasyon sa komunidad, sa mga bata, maging sa kabataan. Nagiging masaya ako dahil nakakapagbahagi ako ng aking kaalaman at adbokasiya sa komunidad sa paraang makakatulong ito sa kanila na maging mas maunawaan at makapagpahayag ng kanilang sarili.”	Pagpapakita ng pagmamahal at pagkalinga sa kalikasan
7	“Nasubukan ko na rin ang umakyat sa bundok, sobrang nakakapagod kasi isipin mo halos dalawang oras ang lalakaran mo para makarating ka lamang sa paroroonan niyo. Umakyat kami sa bundok, partikular dito sa Barangay Mat-i. Tagkadtu namu ang Surigao Watershed Forest Reserve dahil dito nagmumula ang suply ng ating tubig at isa rin ito sa protektadong lugar dito sa Surigao.”	Pagiging aktibo at pangangalaga sa kalikasan
8	“Ang mga lugar sa baybayin ay mahalaga at dapat pangalagaan ng mga residente. Kapag sinabing "coastal" ay siguradong ito ay may kalupaan, mga komunidad, mga korales, mangrove at seagrass. Ang mga habitat na ito ay mahalaga. Ang pagtatanim ng maraming mangrove sa Surigao ay nakakatulong sa pagpapanatili ng baybayin.”	Pagpapakita ng pagpapahalaga sa mga baybayin
9	“Nang umpisahan ang paglilinis ng baybayin, ipinakita namin sa lahat na kami ang mangunguna sa gawaing ito upang masundan ng karamihan. Ang ilan ay nagpapakita ng kanilang interes at tumutulong, habang ang iba ay hindi gaanong interesado.”	Pagkilos at pagpapakita ng liderato sa pag-aalaga sa kapaligiran
10	“Kung pag-uusapan natin ang tungkol sa kagubatan at baybayin, hinihikayat namin ang mga barangay na magtanim, ng mga puno at bakawan ayon sa ipinapatupad naming mga programa. Hinahamon namin ang mga komunidad at mag-aaral na makipag-ugnayan sa LGU sa pamamagitan ng pagpapadala sa amin ng sulat para sa agarang tulong sa pagtatanim at pagtulong sa kanila.”	Halaga ng pangangalaga at pagmamahal sa kalikasan
11	“Ang Seagrass ecosystem ay malaking bahagi ng marine ecosystem, ito ay binubuo ng mga maliit at mahabang halaman na tumutubo sa ilalim ng tubig sa baybayin at sa ilalim ng dagat. Ito ay nagbibigay proteksyon sa atin at sa tirahan ng mga maliit na isda. Makakatulong din ito sa kalidad ng tubig, nagbibigay proteksyon sa mga baybayin laban sa malalaking alon dahil ang kanilang mga ugat ay tumutulong	Pagkilala sa importansya ng Seagrass ecosystem sa Marine Biodiversity

	sa pagpigil ng pagkawala ng lupa.”	
12	“Katulad ng mga tao, dapat nating alagaan ang mga aso tulad ng ating sarili. Kung ang tao ay nagpapabakuna, nagpupurga, at umiinom ng mga bitamina, dapat din nating gawin ito sa ating mga alagang hayop.”	Kahalagahan ng responsableng pag-aalaga sa mga alagang hayop
13	“Isa sa mga programa na pinapatupad ng City Veterinary Office ay tinatawag na "Spay and Neuter" para sa ating mga alagang aso. Ang layunin nito ay kontrolin ang bilang ng mga aso sa iba't ibang lugar dito sa atin. Ang pag-spay ay isang surgical procedure kung saan tinantanggal ang obaryo at matris ng mga babaeng aso upang matiyak na hindi na sila magkakaanak.”	Hakbang sa responsableng pangangalaga sa mga hayop at proteksyon ng kapaligiran
14	“Ang mga bakuna na ibinibigay sa mga aso at baboy ay hindi pareho. Bahagi ng aming trabaho ang pumunta sa mga tahanan upang magbigay ng mga bakuna, kasama ang ina at biik, upang protektahan sila mula sa sakit na kolera. Responsibilidad ng may-ari pagpapabakuna sa kanilang mga alagang baboy at ipapaalam ito sa amin sa opisina.”	Epekto nito sa pangkalahatang pangangalaga sa kalikasan at kapaligiran.
15	“Ang aming programa ay naglalayon sa pagpapaunlad ng forage at pasture, kung saan nagbibigay kami ng mga materyales para sa pagtatanim sa mga lupaing pag-aari ng aming mga magsasaka. Tinatamnan namin ang mga ito ng iba't ibang uri ng halaman na mayroon sa aming tanggapan para sa pagkain ng malalaking hayop kasama na ang mga kambing.”	Pagbibigay importansya ng organikong at eco-friendly na pamamaraan ng pagsasaka para sa pangangalaga ng kalikasan.
16	“Ang hindi wastong pamamahala ng dumi at basura ng baboy, tulad ng sobrang pagkain, ay maaaring magdulot ng polusyon sa paligid. Ang masamang amoy, mga peste, at polusyon sa tubig ay maaaring sanhi ng mga itinapong dumi. Bukod pa rito, maaari itong magdulot ng polusyon sa lupa at sa hangin.”	Wastong pangangalaga ng mga hayop at ang kaugnayan nito sa kalusugan ng mga magsasaka at kapaligiran
17	“Ang aking pagkatalaga sa Enforcement Unit ng DENR (Ang Kagawaran ng Kapaligiran at Mga Likas na Kayamanan) ay nauugnay sa aking mahabang karanasan sa trabaho na umabot na ng dalawampu't anim na taon. Ang illegal logging, mining, at wildlife trade ay mga halimbawa ng mga batas at regulasyon tungkol sa kalikasan na aming responsibilidad. Maraming mga pagbabago pa rin. Ang aming pagsisikap na protektahan ang mga mangrove at magpatupad ng batas na nagbabawal sa pagputol ng mga bakawan ay nagresulta sa ilang mga panahon ng tagumpay. Maaaring maparusahan ka kahit na isang maliit na tali ng bakawan ang na iyong pinutol.”	Pagpapakita ng mga gawain at hamon na kinakaharap ng tanggapan na layuning protektahan at pangalagaan ang kalikasan ng bansa.
18	“Magsisimula na akong maglinis ng mga kalye sa pagkatapos kong mag log-in. Bawat isa sa amin na mga street sweeper ay may tiyak na lugar kung saan maglilinis sa buong lungsod. Ang aking unang hakbang ay maglilinis mula sa Dulong patungo sa Palma. Kapag nagsisimula ako, madilim pa ang paligid at tahimik ang kalsada; hindi ako natatakot dahil may mga tao na rin naman.”	Pagpapahalaga sa tungkulin sa pagpapanatili ng kalinisan
19	“Nagsimula kami noong Nobyembre at nagtatrabaho hanggang ngayon bilang mga baguhan sa serbisyo. Nagsimula kami sa paglilinis ng Barangay Hall Compound dahil nakita namin na kailangan itong puspusang paglilinis. Bago pa man ako bilang kagawad ng barangay, itong pamamahala ng kapaligiran at basura ang nais ko kung saan isa	Kahalagahan ng pagiging responsable at proaktibo sa pamamahalaga ng kapaligiran at basura.

	na sa uunahin ko ang paglilinis ng aming paligid dahil hindi na ito kaaya-ayang tingnan. Napagtagumpayan ng aming grupo ang isinagawang clean-up drive sa aming sariling bakuran.”	
20	“Sa pamamagitan ng mahusay na pangangasiwa sa basura at pagharap sa mga isyu tulad ng polusyon, ang layunin nito ay maprotektahan ang kapaligiran at mga tao sa buong mundo. Ang mga ipinagbabawal na gawain tulad ng anti-loitering, littering, open dumping, open burning, at iba pa.”	Kahalagahan ng tamang pamamahala ng basura at pagtugon sa mga isyu ng polusyon

Ang mga eko-naratibo na ito ay naglalaman ng iba't ibang paksa na may kaugnayan sa wastong pangangalaga sa ating kalikasan. Ibinabahagi nito ang magagandang katangian na matutuhan ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga salaysay na sapagkat nagtatalay ito ng kaaya-ayang pag-uugali o katangian ng pagiging isang Surigaonon.

Pinapaksa ng unang salaysay ang tungkol sa sa **konserbasyon at rehabilitasyon ng kalikasan**, partikular sa mga tuntunin ng pagpapanatili ng biodiversity sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga puno at pagpoprotekta sa iba't ibang ekosistema. Upang mapalawak at mapalakas ang kanilang mga programa sa pangangalaga ng kalikasan, kabilang ang National Greening Program (NGP), na naglalayong magtanim ng maraming puno sa malalaking lugar, ang pakikipagtulungan ng DENR sa iba't ibang organisasyon at grupo ng tao ay isang mahalagang bahagi nito.

Ang **pagpapahalaga sa ating mga kagubatan at kakahuyan** ay mahalaga para sa kapakanan ng kalikasan at sa ating sarili. Ito ay tumutukoy sa pagbibigay ng halaga at pangangalaga sa mga kagubatan, gubat, at iba pang uri ng hayop at halaman sa ating kapaligiran.

Ang layunin ng **pagbibigay ng edukasyon sa pangangalaga sa kalikasan** sa mga komunidad at kabataan ay upang lumikha ng lipunan na may kamalayan at nais na pangalagaan at pahalagahan ang ating kapaligiran.

Ang **pangangalaga sa mga natatanging habitat at espesyal na mga hayop** ay hindi lamang ang pagprotektang sa mga hayop mismo; ang pangangalaga ay dapat na maipasa sa buong ecosystem at kalikasan. Ang kanilang pagkakaroon at pangangalaga ay kapaki-pakinabang sa parehong kasalukuyan at hinaharap na henerasyon.

Ang **pagpapahalaga at pagsunod sa mga batas** sa pangangalaga sa kalikasan ay upang mapanatili ang isang balanseng relasyon sa pagitan ng tao at kalikasan.

Maaari nating ipakita ang ating **pagmamahal at pagkalinga sa kalikasan** sa pamamagitan ng mga simpleng gawain at pagsisikap. Ang pagpapabuti ng ating kapaligiran sa kasalukuyan ay kasabay ng paghahanda para sa mas magandang kinabukasan para sa susunod na henerasyon.

Ang **pagiging aktibo sa pangangalaga sa kalikasan** ay hindi lamang ang pagtulong sa paglutas ng mga isyu sa kapaligiran kung hindi lumikha rin ng isang mas maayos at sustenableng kinabukasan para sa susunod na henerasyon. Lahat tayo ay may kapasidad at tungkulin na maging bahagi ng solusyon sa mga hamon na dulot ng kalikasan na matatagpuan sa ating planeta.

Ang pagpapakita ng **pagpapahalaga sa ating mga baybayin** at pagiging mga **aktibong tagapagtaguyod ng pangangalaga sa kapaligiran** ay nagpapabuti sa ating coastal ecosystems at nagpapataas ng kamalayan at pagmamahal sa ating mga likas na yaman. Sa pamamagitan ng pagkilos at pagiging lider sa larangan ng environmental conservation, tayo ay tumutulong sa pagpapanatili at pagpapalakas ng ating mga coastal habitats para sa kasalukuyan at hinaharap.

Ang pagpapanatili ng biodiversity sa ating mga marine ecosystems ay tanda ng **pagmamahal at pangangalaga sa kalikasan**. Ang iba't ibang uri ng mga organismo sa dagat, kabilang ang mga halaman at hayop ay gumaganap ng iba't ibang papel sa ekosistema at mahalaga para sa balanseng kalikasan. Para sa pangmatagalang pagpapanatili ng ating marine biodiversity at kalusugan ng ating mga karagatan, ang pangangalaga at **pagmamahal sa kalikasan** ay mahalaga, lalo na sa mga seagrass ecosystems. Ang ating mga komunidad ay nakakakuha ng mga pinansyal, kultural, at ekolohikal na pakinabang mula dito.

Sa pamamagitan ng responsableng **pag-aalaga sa ating mga alagang hayop**, ipinapakita natin ang ating paggalang at pagkalinga sa kanilang buhay at sa likas na mundo. Ang pagiging responsable ay nangangahulugan na ang mga tao ay gumagawa ng mga bagay upang mapanatili ang kalusugan at kagalingan ng mga alagang hayop. Ang pagbibigay ng respeto, responsibilidad, at pangangalaga sa lahat ng nilalang ay mabuti para sa ating mga alaga at sa buong ekosistema

at kalikasan. Ito ay hindi lamang isang gawi, ito ay isang prinsipyo na nagbubuklod sa atin bilang mga tagapangalaga ng ating mundo para sa kasalukuyan at hinaharap.

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga natural at napapanatiling paraan ng pagtanim at pag-aalaga ng mga taniman, ang pagbibigay-prioridad sa mga **organiko at eco-friendly na pamamaraan ng pagsasaka** ay may layuning mapanatili ang kalusugan ng kalikasan at ng mga tao. Layunin nito na maging maingat at maging responsable sa paggamit ng likas na yaman habang nagbibigay ng sapat na produksyon ng pagkain para sa kasalukuyan at hinaharap na henerasyon. Ito ay isang yugto patungo sa isang mas mahusay at mas napapanatiling paraan ng pag-aalaga ng kalikasan at pagpapabuti ng kalagayan ng ating kapaligiran.

Ang **wastong pangangalaga ng mga hayop ay nagpapabuti sa pangkalahatang kalagayan ng kapaligiran** dahil ito ay nagpapabuti sa produksyon ng pagkain na may kaugnayan sa kalikasan at sa kapaligiran. Ang pagsasama ng mga hayop sa agrikultura ay nagbibigay ng isang magkakaugnay na paraan ng pagpapanatili ng ekolohiya at pagpapalago ng mga taniman.

Ang pagpapakita ng mga gawain at hamon na kinakaharap ng tanggapan para sa layunin ng **pagpapanatili ng kalikasan** ng bansa ay isang mahalagang isyu sa ngayon. Ang mga tanggapan ay may malaking pananagutan sa pangangalaga ng kalikasan. Ang mga ito ay mahalaga sa pagtutok ng bansa sa isang napapanatiling at maayos na kapaligiran.

Ang **kahalagahan ng pagpapanatili ng kalinisan** ay hindi lamang nangangahulugan ng paglilinis ng kapaligiran kundi pati na rin ang pagpapalawak ng kamalayan at kultura ng pangangalaga sa buong mundo. Bilang bahagi ng mas malaking layunin ng pangangalaga sa kalikasan at kapaligiran, ito ay isang gawain na kailangang pagtulong-tulungan nating lahat.

Ang **responsibilidad at pagiging proaktibo sa pamamahala ng kapaligiran at basura** ay mahalaga para sa parehong kasalukuyang sitwasyon at mga plano para sa hinaharap. Ang layunin nito ay mapanatili ang balanse sa kapaligiran at ang kalidad ng buhay para sa kasalukuyang at susunod na henerasyon.

Ang pagtugon sa polusyon at basura ay **nagpapataas ng kamalayan at edukasyon sa pangangalaga sa kapaligiran**. Ito ay nagtuturo sa mga tao, lalo na sa mga kabataan, na kumilos nang may responsibilidad at magbahagi ng mga solusyon sa mga isyung pangkapaligiran.

Ang pagsisimula sa mga simpleng bagay tulad ng paglilinis ng bakuran, bago lumipat sa mas malawak na mga isyu sa lipunan ay nagpapakita lamang ng pagiging responsableng mamamayan. Ang pagpapahalaga sa tungkulin bilang isang opisyal ay napakahalaga sa kadahilanang ikaw magiging magandang ehemplo ng mga kabataan. Bukod pa rito, ang mga salaysay na ito ay mayroon mensahe ng pagiging isang lider tungkol sa paggawa ng maliliit na bagay upang makamit ang positibong pagbabago sa komunidad.

Pinapaksa rin ng mga salaysay ang pagkilala sa importansya ng mga buhay sa dagat tulad ng mga seagrass, mangrove at mga korales na malaki ang naitutulong upang manatili ligtas sa mga kalamidad ang isang komunidad.

Napakagandang maibahagi rin ang iyong angking kaalaman sa mga Kabataan maging sa komunidad kung paano natin maaalagaan nang maayos ang ating kapaligiran. Ang pagtutulong ng lokal na pamahalaan at iba pang organisasyon na maprotektahan at mapangalagaan ang mga lugar na protektado ng mga batas. Ang maaitutulong natin bilang isang mamamayan ay sundin ang mga batas na ito, huwag sirain ang tirahan nating mga tao at mga hayop, alagaan din natin ang ating kagubatan na malaki ang naitutulong sa tin na mabigyan tayo ng buhay.

Mga Salita na Nagpapahiwatig ng Kultural na Kahulugan

Ang kultura at wika ay magkaugnay sa isang tiyak na lugar. Ang wika ay nagpapanatili ng kultura at ang wika ay pinahusay ng kultura. Nabubuhay ang kahulugan ng isang salita batay sa kinakailangan, pagsisikap at mga prinsipyo ng isang lugar.

Sinuri ng mananaliksik ang mga salita at parirala na nilalaman ng mga salaysay ayon sa kulturang kahulugan na nakapaloob dito.

Talahanayan 2. Mga salaysay ayon sa kulturang kahulugan na nakapaloob dito

MGA PILING SALITA/PARIRALA	LITERAL NA KAHULUGAN	KULTURAL NA KAHULUGAN
Jaoy malampuson sanan kapakyasan	May napagtagumpayan at kabiguan	Ang pag-unawa sa buhay bilang isang likas na proseso ng paglalakbay na may mga magandang tagumpay at

		mga hamon na pagkabigo.
Jaoy atu gi-ila	Mayroon tayong kinikilala	Ito ay tumutukoy sa proseso ng pagbibigay ng pagkilala, paggalang, at pagtanggap sa mga bagay na nagbibigay ng identidad, halaga, o kahulugan sa komunidad.
Importante na mahibayo	Mahalaga na magkaalam	Pananaw na nagpapahalaga sa kaalaman at pag-unlad ng mga indibidwal at komunidad.
Hinungdan	Sanhi	Nagpapakita ng pagnanais na maunawaan at maipaliwanag ang mga pangyayari o sitwasyon sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga kadahilanan
Magkat-on	Matuto	Nagpapakita ng pagtanggap at pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa mga kaugalian, karanasan, at tradisyon
Gitagaan ug pagtagad	Binigyan ng pansin	Magpakita ng interes, pag-aalaga, at paggalang sa damdamin ng iba
Tagprotektahan nan balaod	Pagsunod sa mga alintuntunin	Nangangahulugan ng pagpapahalaga sa kaayusan at pagkakaisa ng komunidad, pakikipagtulungan, at paggalang sa awtoridad.
Labaw na kun	Sobra o labis	Isang konsepto ng pag-iingat at pagbalanse sa mga bagay
Nakasuway na sab	Nakasubok na naman	Konsepto ng pagtitiis, pagharap sa mga hamon, o pagpapatibay ng pagkatao sa pamamagitan ng mga pagsubok.
Ampingan sanan protektahan	Pangalagaan at protektahan	Nagpapahalaga sa pagiging responsable, pagmamalasakit, at pag-aalaga sa mga bagay na mahalaga.
Kagana tan-awon	Kaakit-akit sa paningin	Maaari itong magsilbing batayan para sa pagpapahalaga at halaga ng isang bagay.
Hinungdan	Dahilan	Naglalarawan ng mga responsibilidad, pangako, at epekto sa iba't ibang bahagi ng buhay..
Hisgutan anay	Talakayin muna	Nag-uugnay sa kaugalian ng mga Pilipino na magsalita o magbigay ng kanilang mga saloobin at opinyon bago gumawa ng desisyon o aksyon
Dili ini matandog	Hindi basta-basta magagalaw	Pag-iingat at pagpapahalaga sa mga bagay na may sentimental na halaga
Gagmay sanan haba na tanom	Maliit at mahabang halaman	Simbolo ng kalayaan at kapayapaan, na nagpapahiwatig ng pagkakaisa
Ilayom na tubig	Ilalim ng tubig	Nagpapakita kung gaano kahalaga ang pangangalaga sa mga karagatan, lawa, at iba pang mga antas ng tubig sa buong mundo.
Hamok isda ang naghuya	Maraming isda ang nakatira	Sumisimbolo sa kahalagahan ng mga likas na yaman ng kanilang lugar
Bayod	Alon	Sumisimbolo ng pag-unlad, pagbabago, o kahit na kababalaghan
Importante karajaw	Napakahalaga talaga	Malalim na pagkilala at pagpapahalaga sa kahalagahan ng isang bagay, karanasan, pakikipag-ugnayan, o kahit na anumang bahagi ng buhay
Muhatag nan amu serbisyo	Nagbibigay ng serbisyo	Ang ideya ng pagtulon, pagmamalasakit, at

		paglilingkod sa komunidad.
Tagtudluan man sab jaon	Tinuturuan din iyan	Ito ay nauugnay sa tradisyonal na paraan ng pagkuha ng payo, aral, o impormasyon mula sa mas nakatatanda o mas nakakaalam sa isang partikular na paksa.
Kinahanglan jud pahibawon	Kailangang ipaalam	Nagpapakita kung gaano kahalaga ang pakikipag-usap, pagiging maingat, at paggalang sa isa't isa
Andam jud mutabang	Handang tumulong	Ito ay isang mahalagang bahagi ng pagiging makatao at kagandahang-loob na mahalaga sa lipunan.
Dili amu an pagdumala	Hindi wasto ang pamamahala	Nagpapakita na ang integridad at responsableng pamamahala ay mahalaga upang mapabuti ang kalagayan ng lipunan at ng mga mamamayan.
Magpadajon	Magpatuloy	Tumutukoy sa proseso ng pagpapanatili at pagpapalaganap ng mga halaga at kaalaman sa buong komunidad
Maghikay	Mag-ayos	Nagpapahiwatig ng pagpapahalaga sa kalinisan, kahusayan, at disiplina
May takda nga lugar	Tiyak na lugar	Nagpapahiwatig ng pagsasaalang-alang sa karapatan at espasyo ng ibang tao
Hantod kuman	Hanggang ngayon	Isang ekspresyon na nagpapahiwatig ng pagpapatuloy, pagtitiwala at pagiging tapat
Kadayanan	Dinadaan	Proseso ng pagtahak sa isang tiyak na lugar, karanasan, o yugto sa buhay
Tumong	Layunin o hangarin	Nagpapahiwatig ng layunin o direksyon ng isang Gawain
Pagmintinar sa marajaw	Mapanatili ang kaayusan	Mga prinsipyo ng disiplina, pagsunod sa batas at regulasyon, at pagkakaroon ng isang sistema o organisasyon upang mapanatili ang kaayusan

Ang pahayag na **an tumong ini** ay isang paraan ng pagsisiyasat o pagsisikap na matuklasan ang isang pangyayari o sitwasyon. Ito ay nagpapakita ng pag-unawa, kaalaman, at responsibilidad sa kulturang Pilipino. Ipinapakita dito ang pagkakaroon ng interes na maunawaan ang buong konteksto ng isang sitwasyon o gawain upang makagawa ng isang desisyon.

Nakasanayan na ng mga Surigaonon na gumamit ng ilang mga ekspresyon sa kanilang pakikipag-usap. Isa na dito ang pahayag na **laktod na istorya** kung saan isang paraan sa pagpapahayag na nagpapakita ng pagpapahalaga ng maraming kultura sa pagiging epektibo at praktikal sa pagsusulat o pagsasalita. Halimbawa na lang ay maaaring magpahiwatig ng pagnanais na magbigay ng maikli at malinaw na paliwanag upang mabilis na ipahayag ang isang ideya. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng simpleng pahayag o paliwanag, ito ay maaaring magpakita ng respeto sa oras at pansin ng mga tagapakinig o mambabasa.

Ang pahayag na **tungod sa pwede mudaot** ay nagpapakita ng pagmamalasakit at pag-iingat sa mga tradisyon, halaga, at sistema ng lipunan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga potensyal na masamang epekto ng isang aksyon o batas. Ito ay nagpapahiwatig na ang pagbabago o pag-unlad ay dapat na maingat upang hindi masira o mawala ang mahahalagang bahagi ng kultura.

Sa buhay ng tao ang **jaoy malampuson sanan kapakyasan** na nagangahulugan na sa isang kultura, ang paglago, pagbabago, at pag-unlad ng mga tao at lipunan ay pinahalalagan. Ito ay nagbibigay-daan sa mga tao na magkaroon ng mas malalim na pagtingin sa kanilang mga buhay at magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok.

Jaoy atu gi-ila, isang pahayag na maaaring tumukoy sa pagkilala at pagpapahalaga sa mga indibidwal sa kultura tulad ng mga pinuno, artistang nagbibigay-kakilanlan, o mga taong may natatanging kontribusyon sa komunidad.

Ang pahayag na **importante na mahibayo** ay isang pananaw na pinahahalagahan ang kaalaman at pag-unlad ng mga tao at komunidad. Ito ay nagbibigay-halaga sa proseso ng pagkatuto at pagpapalawak ng kamalayan, na may layuning pag-igihin ang mga kakayahan at magbigay ng mga pagkakataon para sa mas malawak na kaalaman at pag-unlad.

Hinungdan, isang salita na may ideya sa kultura na nagsasaad na ang pag-unawa sa mga dahilan at epekto ng mga bagay at gawain ay mahalaga. Ito ay nagpapataas ng kamalayan at nagpapakita ng kahalagahan ng pag-unawa sa kung paano nauugnay ang mga bagay sa loob ng isang komunidad.

Lahat ng tao ay may pagkakataon na **makakat-on** kung saan desisyon ng isang tao na matuto sa paraang kaya ng kanyang pag-unawa. Mahalaga lamang na siya ay handang matuto sa mga kaugalian, karanasan, at tradisyon na makakatulong sa kanyang pag-unlad bilang tao.

Hindi maikakaila na sa lahat ng lugar dito sa Pilipinas isa sa mga **gitagaan ng pagtagad** ang tungkol sa basura. Ipinapakita natin dito ang ating kagustuhan, interes sa pangangalaga ng ating kalikasan at matutuhan ng tao na igo ang mga natural resources na mayroon tayo sa mundong ibabaw.

Maraming mga bagay ang **tagprotektahan nan balaod**, isang pahayag na nangangahulugan na kailangang pahalagahan ng tao ang kaayusan ng isang Lipunan upang hindi madamay ang ating kalikasan. Mangyayari lamang ito kung ipapakita ng tao ang pagtutulungan at paggalang sa mga batas na ipinapatupad.

Ang pahayag na **labaw na kun** ay nauugnay sa katamtaman o tamang halaga at ang ideya ng hindi paggawa ng labis o sobra sa mga gawain, emosyon, o pagkain. Ito ay bahagi ng pangkalahatang paniniwala na ang mga aktibidad at buhay sa lipunan ay balanse at makatarungan.

Ang pahayag na **nakasuway na sab** ay pagpapahalaga sa pag-unlad ng pagkatao sa pamamagitan ng mga karanasang nagbibigay ng lakas at katatagan. Ito ay nagpapakita ng diwa ng pagbabago at pag-unlad sa buhay, kung saan ang bawat paghihirap ay bahagi ng proseso ng paglago at pagbabago ng isang indibidwal o komunidad.

Ginamit din ang pahayag na **ampingan sanan protektahan** na nangangahulugang nag-uugnay sa ideya ng pagmamahal, pag-aalaga, at pagbibigay-halaga sa mga bagay, kaugalian, mahahalagang bahagi ng isang lipunan o kultura. Ito ay nagpapahiwatig na obligado ang mga tao o komunidad na panatilihin ang kanilang mga pinahahalagahan upang mapanatili ang integridad at kabuuan nito.

Likas na sa mga Surigaonon ang mapamangha sa bagay na Maganda sa kanilang paningin kaya ang ekspresyon na ginamit na **kagana tan-awon** ay nag-uugnay sa mga katangian na itinuturing ng isang lipunan na maganda o kaaya-aya, na sumasalamin sa kanilang mga prinsipyo at pananaw sa kagandahan halimbawa nalang kung ikaw ay napunta sa isang lugar na may nakakaakit na kagandahan dahil sa kalinisang taglay nito.

Ginamit sa salaysay ang salitang **hinungdan** na ang ibig sabihin sa kultural na kahulugan nito ay nagpapakita na ang pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay-pansin sa mga dahilan sa likod ng mga bagay na nangyayari sa ating buhay ay mahalaga. Ito ay bahagi lamang ng pang-araw-araw na pag-uugali na nagpapahalaga sa mahusay na komunikasyon at pag-unawa sa iba't ibang bahagi ng buhay natin.

Kung bibigyan ng kultural na kahulugan ang salita o pariralang **higugutan anay**, ito ay ang pag-uusap at pagtatalakayan ay mahalaga dahil nagbibigay ito sa bawat partido ng pagkakataong ipahayag ang kanilang mga damdamin, ideya, at opinyon. Bukod pa rito, ito ay nagbibigay-daan upang ipakita ang paggalang sa mga pananaw ng iba at pagkakaisa sa pamamagitan ng proseso ng pagdedesisyon.

Dili ini matandog, pahayag na ang ibig sabihin ay ipinapakita nito ang pagmamalasakit at pagrespeto sa mga tradisyon, paniniwala, at bagay na itinuturing na mahalaga at hindi dapat inalis o binabalewala.

Ang **gagmay sanan haba na tanom** ay tumutukoy sa seagrass sa ilalim ng tubig na nilalaman ng salaysay na nakalap ng mananaliksik. Ito ay maaaring nauugnay sa mga ideya tulad ng pagiging mapagkumbaba, matiyaga, at pagpapahalaga sa mga bagay na hindi gaanong kapansin-pansin ngunit mahalaga. Kahit na maliit ang isang bagay, ito ay malakaing bagay o tulong sa ating kalikasan, ito ang papel na tulong ng seagrass sa ating karagatan.

Ang pahayag na **ilayom na tubig** ay may kultural na kahulugan na nagpapahiwatig ng pakikipag-ugnayan sa likas na yaman at kalikasan. Ito ay nagpapakita kung gaano kahalaga ang tubig para sa kapaligiran at buhay ng komunidad.

Ang pahayag na **hamok isda an naghuya** ay maaaring ilarawan ang maraming kahulugan ng kultura sa Pilipinas. Ito ay nagpapakita na ang mga simpleng bagay at ekspresyon sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Surigaonon ay mabuti, mapagmahal, at puno ng kahulugan ang buhay.

Sa kulturang Surigaonon, ang terminong **bayod** ay may mga makahulugang kahulugan na nagpapakita ng pananaw at karanasan sa kapaligiran at buhay. Ipinapakita nito ang mga ideya ng lakas, pagbabago, emosyon, at determinasyon na nagpapakita ng koneksyon ng tao sa kalikasan at sa kanilang sariling buhay. Ito ay maari ring maiugnay sa kahit na anong hirap na danasin ng mga Surigaonon, ito ay lilipas rin.

Mababasa sa salaysay ang pahayag ba **importante karajaw** na kung bibigyan ng kultural na kahulugan ay isang pahayag ng mataas na pagpapahalaga at pagkilala sa mga bagay na mahalaga sa buhay ng mga Pilipino. Ipinapakita nito ang pagnanais na bigyang-pansin at pag-aralan ang mga bahagi ng buhay na may malaking epekto o implikasyon sa kanilang pag-unlad at mga kaganapan.

Ang pahayag na **muhatag nan amu serbisyo** ay isang konsepto na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pakikipagkapwatao at respeto sa karapatan ng iba. Ipinapakita nito kung gaano kahalaga ang paggalang sa isa't isa at pag-unawa sa mga pangangailangan ng isa't isa.

Kung bibigyan natin ng kultural na kahulugan ang pahayag na **tagtudluan man sab jaon**, ito ay tumutukoy sa pagtanggap at pagpapahalaga sa pagtuturo, edukasyon, at kaalaman. Ito ay nauugnay sa tradisyon ng pagbibigay ng payo, aral, o impormasyon mula sa mas nakatatanda o mas nakakaalam sa isang larangan.

Sa Surigao, ang **kinahanglan jud pahibaw-on** ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng komunikasyon, pagiging maingat, at paggalang sa kapwa. Ito ay nagpapakita ng pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapaalam ng mga plano o desisyon sa mga apektado o may kinalaman.

Ang mga Surigaonon ay **andam jud mutabang** sa mga taong nangangailangan ng tulong. Isa itong katangian na dapat ipagmalaki. Ito ay nagpapakita kung gaano kahalaga ang pagiging mapagbigay, matulungin, at maalalahanin sa ibang tao. Ito ay isang mahalagang elemento ng kagandahang-loob at pagiging makatao sa lipunan ng Pilipinas.

Nabanggit sa salaysay ang pahayag na **dili amu an pagdumala** kung saan ito ay nagpapakita na ang pagtugon sa mga pangangailangan ng mamamayan ay dapat na patas at makatarungan. Ang pagkabigo at kawalan ng tiwala sa gobyerno o lider ay maaaring mangyari bilang resulta ng maling pamamahala.

Ang **magpadajon** ay isang termino na tumutukoy sa pagpapatuloy o pagsisikap sa isang layunin o gawain. Ito ay nangangailangan ng pagtutok at pagtitiyaga sa isang bagay katulad nalang ng mga lider sa kanya-kanyang sektor o ahensya may kaugnayan sa pagprotekta ng mga likas na yaman, may tungkulin, at layunin silang nararapat sundin at pagtrabahuan.

Ang salitang Surigaonon na **maghikay** ay nauugnay sa pagiging disiplinado, maayos, at mapanagutan sa mga gawain, relasyon, o sitwasyon. Ito ay isang tradisyonal na ideya na nagpapahalaga sa organisasyon, pagkakaroon ng kaayusan, at pagiging responsableng mamamayan.

Sinasabing may **takda nga lugar** kung ito ay tumutukoy sa tamang lokasyon o sitwasyon para sa isang bagay o gawain. Ito ay may kinalaman sa pagiging organisado at maayos sa pagpapalano kung saan napakahalaga ito upang magawa natin nang maayos ang ating tungkulin sa trabaho o sa ating buhay.

Maraming mga ekspresyon sa pananalita ang mga Surigaonon, isa na dito ang pagsasabi ng **hantod kuman** na nagpapahiwatig ng pagpapatuloy, pagtitiwala at pagiging tapat ng mga Surigaonon sa kapwa tao. Ito rin ay tumutukoy sa pagtitiyaga o pagpapatuloy sa kabila ng mga hamon o pagsubok na pinagdaanan ng mga taong patuloy pa rin na nangangalaga sa ating kalikasan.

Ang literal na kahulugan ng **kadayanan** ay dinadaan kung saan kung bibigyan natin ng malalim at kultural na kahulugan na sa kabila ng maraming dinadaan ng mga tao sa kanyang personal at buhay trabaho na may kaugnayan sa pagprotekta ng ating kalikasan, ang mga ito ang magsisilbing pag-unlad lamang at paraan ng pagpapabuti sa ating mga sarili.

Ang ibig sabihin ng **tumong** sa kultural na kahulugan nito na nagpapakita ng maingat na pag-iisip, responsibilidad, at pagnanais na mapanatili ang kaayusan at kabutihan ng kulturang Pilipino. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamalasakit at pag-aalaga sa kapwa at sa sarili sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga potensyal na negatibong epekto ng isang bagay o sitwasyon.

Ang kahulugan ng **pagmintinar sa marajaw** sa kulturang Surigaonon, ito ay tumutukoy sa pagiging organisado, disiplinado, at responsableng mamamayan para sa kaayusan at kabutihan ng lipunan. Ito ay nagpapakita ng pagkilos at pagtutulongan upang mapanatili ang kaayusan at katahimikan sa pamayanan na nagdudulot ng masaganang buhay at magandang samahan sa bawat isa.

Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Eko-Naratibo

Ang pagbasa nang may pag-unawa ay pagbuo ng kahulugan habang nakikipag-ugnayan ang mga tao sa tekstong binabasa. Gaya ng sinabi ni Bailey (2021), sa kanyang lektur sa sa analitikal at kritikal na pagbasa, ang antas ng pag-unawa ng mga tao sa kritikal na pagbasa ay kumplikado ng proseso na nagpapakita ng kakayahang maunawaan at gumawa ng desisyon batay sa impormasyon na pinagmulan ng teksto.

Ang mananaliksik ay nagtakda ng pagsusulit gamit ang mga eko-naratibong mula sa nakalap sa pag-aaral na ito kung saan isinagawa ito sa dalawang pangkat ng mga mag-aaral sa ika-walong baitang ng Surigao City National High School.

Talahanayan 3. Antas ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral sa mga Eko-Naratibong Nasusulat sa Wikang Sinurigaonon

Katumbas na Deskripsyon	Nakuhang Iskor	Wikang Sinurigaonon	
		Kabuuang Bilang	Bahagdan
Pinakamahusay	21-25	3	10.00
Mas Mahusay	16-20	15	50.00
Mahusay	11-15	12	40.00
Katamtamang Husay	6-10	0	0
May Pangangailangan	1-5	0	0
	Total	30	100.00
	Mean	16 - Mas Mahusay	

Ipinapakita sa talahanayan bilang 3, ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga eko-naratibong nasusulat sa wikang Sinurigaonon.

Mula sa tatlong (30) na mag-aaral, tatlong (3) mag-aaral ang nakakuha ng pinakamahusay mula sa pagitan na iskor 21-25 na may 10% mula sa kabuuang bahagdan. Labing-limang (15) mag-aaral naman ang nakakuha ng mas mahusay mula sa pagitan na iskor 16-20 na may 50% mula sa kabuuang bahagdan, labing-dalawang (12) mag-aaral ang nakakuha ng mahusay mula sa pagitan na iskor na 11-15 na may 40% mula sa kabuuang bahagdan. Walang mag-aaral ang nakakuha ng katamtamang husay at may pangangailang mula sa pagitan na iskor 6-10 at 1-5. Ang *mean* na nakuha ay 16 na may katumbas na mas mahusay.

Sa kabuuan, ang *mean* na nakuha ay 16 na may katumbas na mas mahusay ang mga mag-aaral pagdating sa antas ng pag-unawa sa binasang mga eko-naratibo na nasusulat sa wikang Sinurigaonon. Ang datos na ito ay nagpapakita na ang pagtuturo ng wika sa tahanan ay may malaking epekto sa pag-unlad ng wika at kaisipan ng mga mag-aaral. Ayon kay Brother Armin Luistro, FSC, dating Sec. ng DepEd, pinalakas nito ang kamalayang sosyal ng mga mag-aaral kung kaya't nagkaroon ng katibayan na ang paggamit ng wikang kinagisnan ay nagpapabilis sa pag-aaral, pag-unawa ng mga mag-aaral at nagpapahusay sa kanilang kakayahang umangkop sa pag-aaral ng pangalawang wika.

Ang mga dalubhasa sa edukasyon na sina Thomas at Callier ay nagsabi na ang paggamit ng unang wika ay malaki ang naitutulong sa mga bata na mas ganap na maintindihan ang leksyon at mabilis na matutong bumasa at sumulat.

Talahanayan 4. Antas ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral sa mga Eko-Naratibong Nasusulat sa Wikang Filipino

Katumbas na Deskripsyon	Nakuhang Iskor	Salin sa Wikang Filipino	
		Kabuuang Bilang	Bahagdan
Pinakamahusay	21-25	0	0
Mas Mahusay	16-20	3	10
Mahusay	11-15	16	53.33
Katamtamang Husay	6-10	11	36.67

May Pangangailangan	1-5	0	0
	Total	30	100.00
	Mean	11 – Mahusay	

Ipinapakita sa talahanayan bilang 4, ang antas ng konprehensyon ng mga mag-aaral sa mga eko-naratibong nasusulat sa wikang Filipino.

Mulatatlumpu (30) na mag-aaral, walang nakakuha ng *pinakamahusay* mula sa pagitan na iskor 21-25. Tatlong (3) mag-aaral ang nakakuha ng *mas mahusay* mula sa pagitan na iskor 16-20 na may 10% mula sa kabuuang bahagdan, labing-anim (16) na mag-aaral ang nakakuha ng mahusay mula sa pagitan na iskor na 11-15 na may 53.33% mula sa kabuuang bahagdan. Labing-isa (11) naman na mag-aaral ang nakakuha ng *katamtamang husay* mula sa pagitan na iskor na 6-10 na may 36.67 mula sa kabuuang bahagdan samantalang walang mag-aaral ang nakakuha ng may pangangailangan mula sa pagitan na iskor 1-5. Ang mean na nakuha ay 11 na may katumbas na *mahusay*.

Sa kabuuan, ang *mean* na nakuha ay 11 na may katumbas na mahusay ng mga mag-aaral pagdating sa binasang mga eko-naratibo na nasusulat sa wikang Filipino. Ipinapakita ng datos na mas nangangailangan pa ang mga mag-aaral sa pagkatuto at pag-unawa ng pangalawang wika kung saan ito ang wikang Filipino. Ayon nga kay Desiree Reyno, mahalaga na ang mga bata ay naiintindihan at gumagamit ng wikang Filipino sa murang edad pa lamang. Kaya, kailangang patuloy na pahusayin ang mga kakayahan ng mga bata upang magamit ito sa araw-araw na buhay lalo na sa loob na klasrum na ginagamit na midyum sa pagtuturo.

Talahanayan 5. T-Test ng Pagkakaiba ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral sa mga Eko-Naratibong Nasusulat sa Wikang Sinurigaanon at Salin sa Wikang Filipino

Wikang Ginamit sa Naratibo	T	df	Sig. (2-tailed)	Interpretasyon	
Sinurigaanon	Filipino	5.123	53.504	0.001	Reject Ho Hypothesis

Ipinapakita sa Talahanayan Bilang 5, ang t-test ng pagkakaiba sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga naratibong nasusulat sa wikang Sinurigaanon at wikang Filipino. Ayon sa datos ang Sig. value (0.001) ay higit na mas maliit (<) sa 0.05 Alpha Level of Significance, ibig sabihin ito ay nagpapakita ng sapat na ebidensya na mayroong pagkakaiba sa antas ng pag-unawa ng dalawang grupo ng mag-aaral na gumamit ng magkaibang wika sa binasang naratibo. Dahil dito, matibay na nasusustentuhan ng datos na ang paraan ng paggamit ng wika ng mga mag-aaral ay may malaking epekto sa kung paano nila nauunawaan ang binasang naratibo. Ito ay isang makabuluhang kontribusyon sa literatura pati na rin sa pag-unlad ng pang-unawa sa papel ng wika sa pagkatuto at edukasyon. Samakatuwid, mas mataas ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral kung ang gamit sa teksto ay wikang Sinurigaanon kung saan ito ang kanilang unang wika habang mas kailangan pa nang masinsinang pag-aaral upang matuto ng wikang Filipino kung saan ginagamit itong midyum sa pagtuturo sa hayskul.

Talahanayan 6. Mga Kompetensiyang Kagawaran ng Edukasyon na Natutugunan ng Pag-aaral

DOMEYN	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO
Pag-unawa sa Napakinggan	Naipaliliwanag ang kaisipang nais iparating ng akda.
	Naihahayag ang nakikitang mensahe ng napakinggang salaysay.
	Naisasalaysay ang buod ng mga pangyayari sa kuwentong napakinggan.
	Nagmumungkahi ng mga angkop na solusyon sa mga suliraning narinig mula sa akda.
	Nahihinuha ang kaalaman at motibo/pakay ng nagsasalita batay sa napakinggan.
	Naibabahagi ang sariling opinyon o pananaw batay sa napakinggan.
	Naisasalaysay ang magkakaugnay na pangayayari sa napakinggan.

Makikita sa talahanayan bilang 6 ang unang domeyn na matutugunan ng pananaliksik. Ito ang pag-unawa sa napakinggan kung saan isa ito sa mahalagang matutuhan ng mga mag-aaral at matasa ang kanilang *listening skills*. Sa pamamagitan ng pakikinig sa mga salaysay na ginamit bilang teksto ay masusubukan ang pag-unawa nila dito kung saan maipapaliwanag at maibabahagi ng mga mag-aaral ang pangunahing kaisipan at mensaheng ipinaparating nito. Kabilang din ang pagbabahagi ng opinion at maisalaysay ang mga mahahalagang impormasyon batay sa kanilang napakinggan.

Talahanayan 7. Mga Kasanayang Pampagkatuto

DOMEYN	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO
Pag-unawa sa Binasa	Nailalahad ang pangunahing ideya ng tekstong nagbabahagi ng bisang pandamdamin ng akda.
	Naipapaliwanag ang tema at mahalagang kaisipan nakapaloob sa akda.
	Nahihinuha ang paksa, layon at tono ng akdang nabasa
	Nailalahad ang mahalagang pangyayari.
	Nasusuri ang mga pangunahing kaisipan ng akdang binasa.
	Nasusuri ang mga sitwasyong nagpapakita ng iba't ibang damdamin at motibo ng mga tauhan.

Makikita sa talahanayan bilang 7 ang ikalawang domeyn na matutugunan ng pag-aaral. Ito ang pag-unawa sa binasa kung saan mahalaga sa isang tao ang kanyang pag-unawa sa mga binabasa. Mahirap para sa isang tao ang makaunawa kung siya mismo ay hindi pa matas ang pagbasa. Sa madaling salita kung hindi marunong magbasa ang isang tao, mahihirapan din siyang umintindi sa kanyang binabasa. Matutugunan ng pananaliksik na ito ang mga kompetensiyang katulad ng paglalahad at pagpapaliwanag sa mga pangunahing tema o paksa ng isang teksto. Maliban dito, masusuri ng mga mag-aaral ang mga kaisipan at mga sitwasyong nagpapakita ng damdamin at emosyon.

Talahanayan 8. Mga Kasanayang Pampagkatuto

DOMEYN	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO
Paglinang ng Talasalitaan	Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salita
	Naibibigyang-kahulugan ang mga salitang ginamit sa salaysay batay sa kontekstwal na pahiwatig, at denotasyon at konotasyon.
	Nabibigyang-linaw ang kahulugan ang mga di-pamilyar na salita mula papakahulugan
	Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng mahihirap na salitang ginamit sa akda.

Ang pangatlong domeyn na makikita sa talahanayan bilang 8 ay ang paglinang ng talasalitaan. Isa sa mga kasanayang dapat matutunan ng mga mag-aaral sapagkat sa pagbabasa ng mga akda o tekstong pampanitikan, hindi maiiwasan na may makikita kang hindi pamilyar na mga salita. Kung kaya kailangan na malinang ang bokabularyo ng mga mag-aaral upang humantong ito sa kanyang pag-unawa. Sa pamamagitan ng mga babasahing nakalap ng mananaliksik ay mahahasa ang mga mag-aaral sa kanilang pagbasa at pag-unawa sa mga piling salita na maituturing na mga di-pamilyar na mga salita. Dito mabibigyang-linaw, maibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga salita at parirala ng mga eko-naratibo na kanilang pag-aaralan.

Talahanayan 9. Mga Kasanayang Pampagkatuto

DOMEYN	MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO
Pagsasalita	Naisasalaysay nang maayos at wasto ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.
	Nailalahad nang maayos ang pansariling pananaw, opinion at saloobin kaugnay ng akda.
	Naipahahayag ang sariling, pananaw at damdamin tungkol sa ilang napapanahong isyu kaugnay ng isyung tinalakay sa akda.

Ang panghuling domeyn ay ang pagsasalita. Matutugunan ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga babasahin na awtput ng pag-aaral na ito. Kung saan matututo ang mga mag-aaral na maisalaysay nang maayos ang

mga ibinahaging kwento sa salaysay. Maibibigay nila ang sariling pananaw at damdamin na naaayon sa mga pamanahong isyu na dinaranas ngayon lalong-lao na sa usapin hinggil sa pangangalaga sa ating kalikasan. Matatandaan noong kasagsagan ng pandemya kung saan ang buong mundo ang apektado isa na ang Kagawaran ng Edukasyon. Naglunsad ito ng Most Essential Learning Competencies (MELCs) na naging batayan ng mga paaralan sa pagtukoy at paghahanda ng mga kagamitan sa pagkatuto.

Ang mga MELC ay ang mahahalagang kaalaman, pag-unawa, kasanayan, at pagpapahalaga na kailangan ng mga mag-aaral upang maging produktibo at mapanagutang mamamayan sa panahon ng isang krisis, kalamidad, o pandemya (Republic Act 10533, Section 2, Declaration of Policy). Sa kasalukuyan, patuloy pa rin itong ginagamit ng mga paaralan bago tuluyan ng ipatupad ang Matatag Kurikulum sa susunod na taong panuruan.

Makikita sa talahanayan bilang 6 ang domeyn at mga kasanayang pampagkatuto ng Kagawaran ng Edukasyon na natutugunan ng pag-aaral na ito. Sa kaliwang bahagi ng talahanayan ay ang **domeyn** kung saan binubuo ito ng mga mas partikular na layunin at mga kasanayan na inaasahang matutunan at maipamalas ng mga mag-aaral sa loob ng isang akademikong taon. Sa kanang bahagi naman ang partikular na mga kompetens na tumutukoy sa mga kasanayang kognitibo na kailangang malaman at ipakita ng mga mag-aaral upang maging mahusay.

Layunin ng mga kompetens na ito na tiyakin na ang mga mag-aaral ay nakakuha ng pinakamahalagang kasanayan at kaalaman sa paaralan. Ito ay nagbibigay sa parehong mga guro at mga mag-aaral ng kaliwanagan tungkol sa mga mahahalagang kaalaman at kasanayan na dapat matutunan sa loob ng isang akademikong taon. Nagkakaroon ng mas malinaw at mas organisadong paraan ng pagbibigay ng edukasyon sa pamamagitan ng paggamit ng MELCs. Ito ay tumutulong sa paggarantiya na ang edukasyon ay nakabalangkas sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang mga pinaka-mahalagang kasanayan at kaalaman.

Ang mga kompetens na ito ay natutugunan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtitipon-tipon ng mga babasahin na awtput para sa mga mag-aaral ng Surigao City National High School. Ang *mga babasahin* na ito ay naglalaman ng mga eko-naratibong nakalap ng mananaliksik mula sa mga impormante. Ito ay sariling karanasan nila na isinalaysay na may kaugnayan sa pangangalaga sa kalikasan. Maliban sa mga salaysay na ito, naglalaman din ito ng mga katanungang hahasa sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Matatandaan na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon ang DM 001 s. 2024 na naglalaman ng **Implementasyon ng Catch-up Fridays** na sinimulan noong Enero 12, 2024. Layunin nito na palakasin ang pundasyon, panlipunan, at iba pang nauugnay na kasanayan na kinakailangan upang maisakatuparan ang mga layunin ng kurikulum ng batayang edukasyon. Malaki ang maitutulong ng workbook na ito sa mga guro upang magamit sa sa kanilang pagpapabasa at malaking bagay naman para sa mga mag-aaral sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa pagbasa at antas ng kanila komprehensyon. Maliban sa pagtaas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral makakatulong din ito na mas pahalagahan nila ang mga bagay sa kanilang paligid lalong-lalo na ang wastong pangangalaga sa ating kalikasan. Ang tinutukoy na mga babasahin ay makikita sa Apendik B.

KABANATA 4

BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng buod, kongklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral.

Buod

Ang pag-aaral na ito ay tumutugon lamang sa paksang Eko-Naratibo sa Panitikang Surigaonon: Pagpapahalaga sa Kalikasan. Nilalayan ng pananaliksik na ito na makakalap ng mga salaysay na ang tema ay tungkol sa pangangangalaga ng kalikasan upang makatipon ng mga babasahin na magagamit ng mga mag-aaral at mga guro sa eskwelahan. At bilang pagsasakatuparan ay pinagsikapang sagutin ang mga sumusunod na tiyak na suliranin; mga paksa ng eko-naratibo; mga salitang nagpapahiwatig ng kultural na kahulugan; pagkakaiba ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga eko-naratibo nasusulat sa wikang Sinurigaonon at Filipino at pagtitipon ng mga babasahin na magagamit ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong disenyo. May labing-tatlo (13) na impormante ang napanayam. Snowball sampling ang ginamit upang matukoy ang mga impormante, *averaging at frequency* naman ang ginamit sa upang tukuyin ang *mean at percentage* ng mga nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa pagsusulit na isinagawa. Ang *t-test* naman ang ginamit para masagot ang suliranin bilang tatlo.

Natuklasan. Batay sa nakalap na mga datos, narito ang mga natuklasan sa pag-aaral.

Maraming mga lugar sa lungsod ng Surigao ang protektado ng batas kaya nararapat na lamang pahalagahan at sundin ito ng mga mamamayan.

Iilan sa mga residente ng Surigao ay mga walang alam sa mga simpleng batas na ipinapatupad ng lungsod.

Ang mga Surigaonon ay may kagustuhan na matuto pa ng mga bagay na makakatulong sa pangangalaga ng kalikasan.

Nagangailangan pa ng suporta mula sa mga pribadong organisasyon upang matugunan ang pangangailangan ng pangangalaga sa kalikasan.

Mas mataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa wikang Sinurigaonon kaysa wikang Filipino.

Nangangailangan pa ng husay sa pagtuturo ng wikang Filipino bilang pangalawang wika dito sa Pilipinas at gamit nito bilang midyum sa pagtuturo.

Konklusyon

Bilang resulta, ang mga sumusunod ay ang nabuong kongklusyon ng mananaliksik sa kanyang pag-aaral.

1. Mahalagang maproktehan at mapahalagahan ng mga mamamayan ng Surigao ang mga lugar na kabilang sa mga protected areas ng lungsod.
2. Bilang mamamayan ng lungsod ng Surigao, kinakailangan ang kaalaman at pagsunod sa mga lokal na batas na ipinapatupad ng lungsod.
3. Napakahalaga na matutunan ng mga tao ang simpleng pamamaraan ng pangangalaga sa kalikasan at makitaan ng kagustuhan na matuto sa mga bagay na hindi alam.
4. Hindi makakaya ng lokal na pamahalaan ang mga suliraning pangkalikasan lalo na't Malaki ang sinasaklaw nito. Kinakailangan ng tulong mula sa mga pribadong organisasyon para masolusyunan ito.
5. Sa kasalukuyang panahon, hirap pa rin ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng wikang Filipino kahit na ito ay ginagamit na midyum sa pagtuturo.
6. Ang pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika sa Pilipinas ay mahalaga.

Rekomendasyon

Ang mga sumusunod ay mga mungkahi batay sa mga resulta at kongklusyon ng pag-aaral.

Departamento ng Edukasyon. Pagtataguyod ng mga programa at mga gawaing may layuning makapagbigay ng edukasyon at kamalayan sa mga mag-aaral higgil sa wastong pangangalaga at pagprotekta sa kalikasan. Mas pahasayin pa ang pagtuturo at pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa mga lokal na batas na ipinapatupad. Mas paigtingan pa ang pagtuturo ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga seminars higgil sa wika.

Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman. Paglulunsad ng maraming Information Drive sa mga lugar na nangangailangan pa ng mga kaalaman hinggil sa pangangalaga ng kalikasan at pagbibigay din ng mga seminars ukol sa mga programa at mga batas na kanilang ipinapatupad.

Mga Mamamayang Surigaonon. Hikayatin ang mga Surigaonon na sumali sa mga gawain na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalikasan. Ang mga gawaing ito tulad ng mga pagboboluntaryo, at lumahok sa mga lokal na grupo para sa pangangalaga ng kalikasan. Ang mga aktibidades na lalahukan ay maaaring makatulong na mapataas ang kamalayan at pag-iisip tungkol sa pagpapanatili ng kapaligiran.

Pribadong Organisasyon. Magkaroon ng mga programa na naglalayong hikayatin ang mga pribadong organisasyon na suportahan ang mga proyekto sa pangangalaga sa kalikasan. Upang maglaan ng pondo, teknikal na suporta, at iba pang mga mapagkukunan para sa mga programa ng pangangalaga ng kalikasan, maaaring isulong ang pakikipagtulungan sa mga korporasyon, NGOs, at iba pang pribadong sektor.

Mananaliksik. Isagawa ang mas malalim na pananaliksik upang suriin ang mga paraan ng pagtuturo at pag-unawa sa Filipino bilang pangalawang wika. Maaaring isulong ang pagtuturo at pagkatuto ng wika sa pamamagitan ng mga workshop, seminar, at iba pang mga aktibidad.

Pasasalamat

Taos-pusong pasasalamat ang aking ipinaabot sa lahat ng tumulong at sumuporta upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Una sa lahat, salamat sa Poong Maykapal sa pagbibigay ng lakas at gabay.

Maraming salamat sa aking mga magulang sa kanilang walang sawang pagmamahal at suporta. Sa aking tagapayo, DR. GEMMA R. ESCULTOR, salamat sa inyong patnubay at karunungan.

Sa mga guro at kasamahan sa Surigao Del Norte State University, at sa aking mga kaibigan, maraming salamat sa inyong suporta at inspirasyon. Ang inyong tulong ay lubos kong pinahalalagan.

Maraming salamat po!

TALASANGGUNIAN

- [1] Ancheta, J. (2019). TAWID-KULTURAL NA PAGSASALIN NG
- [2] NOBELANG ONE HUNDRED YEARS OF SOLITUDE NI GABRIEL GARCIA MARQUEZ: MGA ESTRATEHIYA AT SULIRANIN. DALUMAT E-Journal, 5(1).
- [3] Adigue, A. P. (2023). KONTEKSTWAL NA PAGSUSURI SA MGA KUWENTONG PAMBATA: TUON ANG KUWENTONG PANGKALIKASAN. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(2), 113-122.
- [4] Augusto Jr, W. S. (2019). Leksikong Kultural ng Tagalog at Sinugbuanon: Isang Analisis Cultural Lexicon of Tagalog and Sinugbuanon: An Analysis. MALAY, 31(1), 111-120.
- [5] Bermiso, Fe. (2022). Kalimutow: Ang Eko-panitikan at Ang Likas na Pananaw sa Mundo ng Mga Manobo Ukol sa Kalikasan (Kalimutow/Pupil: Manobo Eco-literature and Their Worldviews on Nature). 5. 83-99.
- [6] Carel, A. (2018, March 21). Kabanata 1 3. Ufam. https://www.academia.edu/36216928/Kabanata_1_3
- [7] Duque, G. (2020, February 17). EPEKTO NG PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA KABISAAN SA PAGSULAT NG MGA AKADEMIKONG SULATIN. www.academia.edu.
- [8] Joseph, J. A. (2023). Care for the Earth as Our Mission: Interpreting Eco-narratives. ASPAC MER, 1(1), 97-107.
- [9] MONTENEGRO, M. M. (2022) MGA PILING KUWENTONG-BAYANG SURIGAON: ISANG ANTOLOHIYA.
- [10] Nibalvos, I. M. (2020). Ugnayan ng mga Ugnayan: Ang Pag-usbong ng Ekokritisismo Bilang Batayang Kaisipan sa Panunuring Pampanitikan. Hasaan: Opisyal Na Refereed Journal Sa Filipino Ng Unibersidad Ng Santo Tomas, 6(1), 178-192.
- [11] Parrenas, B. (2022). Pagtuklas ng mga Kaisipang Ekolohikal sa mga Piling Panitikang Pambata sa Pilipinas sa Wikang Filipino.
- [12] Ramber, A., & Pantorilla, C. (2022). Pagsasalin ng Kuwento ni Paramata Gandingan Mula Wikang Mëranaw Tungo sa Wikang Filipino: Konsiderasyon at Aplikasyon ng mga Dulog at Teknik sa Pagsasalang Kultural. Langkit : Journal of Social Sciences and Humanities, 11, 27-44. <https://doi.org/10.62071/jssh.v11i.138>
- [13] Soloshenko Alena Vladimirovna (2015). Language, Cognition and Culture in Eco-Narratives. European science review, (5-6), 148-150.